# Kabanata 21:
# SI BATHALA

MABIGAT ANG KATAWAN ni Iska nang imulat ang mga mata. Napakaliwanag. Pulos puti lang ang nakikita niya. Lumingon siya sa paligid subalit wala naman siyang iba pang nakikita kundi ang puno ng tipolo na sinasandalan niya. Hindi siya nagkakamali. Ito rin ang puno na nasa bakuran nila sa likod ng bahay ni Lola Da.

"Patay na ba ako? Saan ako mapupunta *if ever*? *Shocks*." Natawa rin siya sa naisip.

Tiningnan niya ang mga palad. Kinapa niya ang mga pisngi. Walang kahit anong gasgas. Wala man lang siyang nakitang sugat. Napakalambot pa nga ng mga palad niya na parang wala siyang pagsasanay na pinagdaanan at parang wala siyang pinatay na napakalaking nilalang.

"Teka, napatay ko na ba ang Bakunawa?"

Wala siya sa Antipolo. Hindi niya makita ang mga kasama. Nasaan si Kenneth? Si Kiko? Hindi rin niya mahanap ang kaniyang pamilya.

"Nasaan ba talaga ako?" tanong niya sa sarili.

Muli siyang lumingon sa paligid pero sarili lang niya ang kausap. Kaya bumangon na lang siya at naghanap ng iba pang makakausap. Sa lalim ng iniisip niya, hindi niya agad napansin na iba ang suot niya ngayon. Nakasuot lang siya ng isang puting bestida na walang manggas. Napakadulas ng tela na mukhang mamahalin. Nakapaa lang din siya.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 159 11/20/2024 8:07:36 AM

Nakalugay lang din ang mahaba niyang buhok. Hindi nawala sa leeg niya ang kuwintas na bigay sa kaniya.

"'Buti na lang at hindi ka nawala," sabi ni Iska nang masalat ang kuwintas sa leeg.

Hindi niya sigurado kung nasaan siya. Pero ang alam niya lang, wala siyang nararamdamang takot. Pakiramdam niya kasi, nagbalik ang kaniyang lakas. Pakiramdam niya, ito ang pinakamalakas niyang disposisyon. Kaya niyang tumakbo nang limang ulit sa *basketball court* ng *school* nila. Kaya niyang mag-akyat-baba sa matataas ng puno. Kaya niyang sumugod sa mga sigbin nang hindi kinakabahan.

Sinusubukan niyang alalahanin ang mga nangyari bago siya mawalan ng malay. Hay. Palagi na lang siyang nawawalan ng malay tuwing may mahihirap na laban. Ang huling naaalala niya ay ang katagang: "Kailangan na kitang tapusin." Inisip niya ito bago niya patayin ang Bakunawa. Naisip niya rin ito pagkamulat na pagkamulat pa lang ng mga mata. Bakunawa ba ang natapos o siya? Sana lang talaga natalo niya ang Bakunawa.

Sinusubukan pa rin ni Iska na alamin kung nasaan siya. Habang pinagmamasdan ang lugar, isang matikas na matandang lalaki ang humarap sa kaniya. Nagniningning ito at sa sobrang ningning, hindi na niya makita ang mukha nito. Tanging katawan lamang na balot na balot ng puting makapal na kasuotan ang napansin niya.

"Pagbati, Iska," bati nito sa kaniya. Ito ang tinig mula sa hangin na palagi niyang naririnig. Ito ang tinig na siyang tumutulong sa kaniya tuwing kailangan niya ng lakas.

Ito rin ang isa sa mga lalaking nasa alaala niya noong bata siya. Tinatawag pa nga niya itong tatay noon. Naglalaro sila nito. Sa panaginip niya madalas nakikita ang kausap ngayon.

"Bathala?" hindi alam ni Iska ang sunod niyang sasabihin. Ganito pala ang unang reaksiyon kapag nakausap at nakita si Bathala. Na-starstruck siya.

"Salamat." Hindi makapagsalita si Iska. Paisa-isa lamang na salita ang kaya niyang sabihin. Hindi pa rin niya kayang tingnan ang kausap. Hindi siya sigurado kung luluhod ba siya o ano.

Nakita ni Iska na nilapitan siya nito dahil sa paghakbang ng mga paa ni Bathala. "Salamat sa pagtupad ng iyong misyon. Alam kong hindi ito madali subalit pinilit mong kayanin."

Napakaikli lamang ng sinabi ni Bathala subalit gustong magtatatalon ni Iska sa galak. Sa totoo lang, akala ni Iska, hindi siya magtatagumpay



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 160 11/20/2024 8:07:36 AM

sa kaniyang misyon. Subalit sa tulong na rin ni Bathala, kinaya niya ang lahat. Ito ang pinakamagandang regalo sa kaarawan niya.

"Salamat po talaga sa tulong," sabi ni Iska na nakayuko pa rin. Lumuhod si Iska sa harap ni Bathala. Nagpasalamat nang paulit-ulit. "Dahil sa inyo, napatay ko ang Bakunawa."

Naglakas-loob na si Iska sabihin ang kaniyang pasasalamat. Laking pasalamat niya na hindi siya nautal o nabulol. Hindi na niya mabilang kung ilang beses siyang yumuko at nagpasalamat kay Bathala.

"Hindi mo kailangang magpasalamat. Tungkulin kong gabayan kayo. Kayong humihingi ng tulong. Pero wala akong kontrol sa mga gusto ninyong piliin," sabi nito.

Tinapik ni Bathala ang balikat ni Iska. "Mahusay ka," sabi ni Bathala.

Naramdaman ni Iska ang kamay ni Bathala. Mainit ang mga kamay nito. Init na hindi nakakapaso. Init na kayang magbigay ng lakas sa isang napakalakas na bagyo. Sa paghawak niya sa kamay ni Bathala, naalala niya ang mga panahon noong bata siya na tinutulungang siyang tumayo ni Bathala tuwing siya ay madadapa sa pagtakbo.

Dahan-dahan siyang tumayo nang hindi tumitingin kay Bathala.

Inilapat ni Bathala ang kaniyang mga palad sa ulo ni Iska. "Iska, tanggapin mo ang aking basbas. Simula ngayon, ikaw na ang magtatanggol sa mundo ng Hiwaga sa anumang nilalang na sumusubok na sirain ito." Pagkasabi nito, nagliwanag ang mga palad ni Bathala at naramdaman ni Iska ang init na dumadaloy mula rito papunta sa kaniyang ulunan.

Nagliwanag uli ang mga palawit sa kuwintas ni Iska. Nagningning ang araw na palawit. Nagliwanag ang buwan. Kumislap naman ang bituing palawit. Pakiramdam ni Iska, mas marami pa siyang kailangang matutunan sa kanilang mundong tinatapakan.

"Kapatid mo sina Jo o Hanan, Oyang o Mayari, at si Ela o Tala. Ngunit, sa paningin ng mga mortal, mananatili mo silang nanay at tiyahin, Iska. Ang mahalaga, isa tayong pamilya. Pinahahalagahan ko ang pagkapanganak n'yo rito sa mundo," ngumiti si Bathala pagkasabi nito.

Napakagaan ng loob ni Iska na kausapin si Bathala. Ito ang sayang nararamdaman niya tuwing Pasko na magkakasama silang nagno-Noche Buena. Ito ang sayang nararadaman niya tuwing walang pasok sa eskuwela. Ito ang pinakamasayang araw niya.

Muling nagsalita si Bathala. "Sa pagkabalik ng kampana, naniniwala akong magiging payapa ang Hiwaga, Iska. Pero huwag tayong maging kampante. Lagi tayong maging mapanuri."



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 161 11/20/2024 8:07:36 AM

Tumango si Iska. Tinatandaan ang bawat linyang sasabihin ni Bathala.

"Ano pa po ang kailangan kong gawin, Bathala?"

"Ikaw na mas malakas sa mga mortal. May responsibilidad kang ipagtanggol ang mahihina. Silang mahihina at walang kapangyarihan ay may kaniya-kaniyang lakas subalit kailangan nila ng lakas ng loob upang ipagtanggol ang sarili. Maging diwata ka na hindi lang magtatanggol ngunit magbibigay rin ng lakas ng loob sa mga pinanghihinaan. Napakahalaga ng lakas ng loob sa mga panahong napakaraming masasama ang sumusupil sa mahihina."

Alam ni Iska ang pakiramdam ng maging mahina. Naramdaman niya ito noong wala siyang magawa laban kina Queen Viy, laban kina Joshua, at sa mga kasama nito sa *basketball team*. Wala siyang lakas ipagtanggol ang sarili noon. Tinatakbuhan niya lang ang problema. Pinagtatakpan niya lang ang sama ng loob at lungkot niya. Ngunit sa lahat ng nangyari at naranasan niya, nagkaroon siya ng lakas ng loob na ipaglaban ang nararapat.

Katulad ng kampana na nagbibigay tunog laban sa Bakunawa, gustong maging boses ni Iska sa mga mahihina at hindi kayang ipaglaban ang sarili. Gusto niyang gamitin ang kaniyang lakas ng loob upang magbigay ng lakas sa ibang tao.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 162 11/20/2024 8:07:36 AM